7

# Araling Panlipunan Activity Sheet

## Kuwarter 3-MELC 4 (Wk 4.2)

Kaugnayan ng Iba’t Ibang Ideolohiya sa Pag-usbong ng Nasyonalismo at Kilusang Nasyonalismo



REGION VI – WESTERN VISAYAS

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Araling Panlipunan 7**
**Learning Activity Sheet (LAS) Blg. 5**
**Unang Edisyon, 2020**

Inilimbag sa Pilipinas
Ng Kagawaran ng Edukasyon,
Rehiyon 6 – Kanlurang Visayas

**Isinasaad ng Batas Republika 8293, seksiyon 176** na "Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-ari (sipi) sa anumang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng gawain kung ito'y pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad."

Ang **Araling Panlipunan 7 Learning Activity Sheet (LAS)** na ito ay inilimbag upang magamit ng mga Paaralan sa Rehiyon 6 – Kanlurang Visayas.

**Walang bahagi ng aklat na ito** ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anumang porma nang walang pahintulot sa Kagawaran ng Edukasyon, Rehiyon 6 – Kanlurang Visayas.

**Bumuo sa Pagsusulat ng Learning Activity Sheet – Araling Panlipunan 7**

| | |
|---|---|
| **Manunulat:** | Arvin D. Vecinal |
| **Editor:** | Ida Flor C. Ferraris |
| | Ceferina M. Aplaon |
| **Tagasuri:** | Ronita T. Vingno |
| | Agnes L. Paraba |
| **Tagaguhit:** | Anthony M. Cordilla |
| **Tagalapat:** | Annamor M. Eleccion |
| | Llaine Grace B. Coronel |
| | Jose Karrlo G. Barro |
| **Schools Division Quality Assurance Team:** | |
| | Ronald B. Acson |
| | Lorna G. Cajolo |
| | Khan J. Montalvo |
| | Ramona M. Bisonaya |
| **Schools Division of Sipalay City Management Team:** | |
| | Renato T. Ballesteros |
| | Ma. Teresa P. Geroso |
| | Ronie T. Tababa |
| | Annamor M. Eleccion |
| | Agnes L. Paraba |
| | Ronita T. Vingno |
| **Regional Management Team:** | |
| | Ramir B. Uytico |
| | Pedro T. Escobarte Jr. |
| | Elena P. Gonzaga |
| | Donald T. Genine |
| | Mary Hazel Vivien P. Pineda |
| | Nescel P. Panes |

# *Pambungad na Mensahe*

MABUHAY!

Ang **Araling Panlipunan 7 Learning Activity Sheet (LAS)** na ito ay nabuo sa pamamagitan ng sama-samang pagtutulungan ng Sangay ng Lungsod ng Sipalay sa pakikipagtulungan ng Kagawaran ng Edukasyon, Region 6 – Kanlurang Visayas sa pakikipag-ugnayan ng Curriculum and Learning Division (CLMD). Inihanda ito upang maging gabay ng learning facilitator, na matulungan ang ating mga mag-aaral na makamtan ang mga inaasahang kompetensi na inilaan ng Kurikulum ng K to 12.

Layunin ng LAS na ito na gabayan ang ating mga mag-aaral na mapagtagumpayan nilang masagot ang mga nakahanay na mga gawain ayon sa kani-kanilang kakayahan at laang oras. Ito ay naglalayon ding makalinang ng isang buo at ganap na Filipino na may kapaki-pakinabang na literasi habang isinasaalang-alang ang kani-kanilang pangangailangan at sitwasyon.

## Para sa mga learning facilitator:

Ang **Araling Panlipunan 7 Learning Activity Sheet (LAS**) na ito ay binuo upang matugunan ang pangangailangan ng ating mga mag-aaral sa larang ng edukasyon, na patuloy ang kanilang pagkatuto kahit na sila ay nasa kani-kanilang mga tahanan o saan mang bahagi ng learning center sa kanilang komunidad.

Bilang mga learning facilitator, siguraduhing maging malinaw ang mga panuto sa mga gawaing iniatas sa kanila. Inaasahan din na patuloy nating masubaybayan ang pag-unlad ng mga mag-aaral (learner’s progress).

## Para sa mga mag-aaral:

Ang **Araling Panlipunan 7 Learning Activity Sheet** na ito ay binuo upang matulungan ka, na mapatuloy ang iyong pagkatuto kahit na wala ka ngayon sa iyong paaralan. Pangunahing layunin ng LAS na ito na mabigyan ka ng makahulugan at makabuluhang mga gawain. Bilang aktibong mag-aaral, unawain nang mabuti ang mga panuto ng bawat gawain.

Kuwarter 3, Linggo 4.2

**Learning Activity Sheets (LAS) Blg. 5**

**Pangalan:** ______________________________ **Baitang at Seksiyon:** ____________
**Petsa:** ______________________________ **Iskor:** _________________________

**GAWAING PAMPAGKATUTO SA ARALING PANLIPUNAN 7**
**Kaugnayan ng Iba't Ibang Idelohiya sa Pag-usbong ng Nasyonalismo at Kilusang Nasyonalismo**

I. **Kasanayang Pampagkatuto at Koda**

- Nasusuri ang kaugnayan ng Iba't Ibang Ideolohiya sa Pag-usbong ng Nasyonalismo at Kilusang Nasyonalismo **AP7TKA-IIIae-1.13**

**II. Panimula (Susing Konsepto)**

**Iba't-ibang Ideolohiya at ang mga Malawakang Kilusang Nasyonalista sa Timog at Kanlurang Asya**

Bakit iba't ibang ideolohiya ang sinusunod ng mga bansa? Paano nakatulong o nakaapekto ang mga ideolohiyang ito sa pagkakaroon ng mga kilusang nasyonalista? Paano ang mga ito ay nagsilbing instrumento sa paglaya ng mga bansa?

Ang mataas na uri ng pagpapahalaga at ang mga kasagutan sa mga suliranin at pangangailangan ng mamamayan ay ipinahahayag ng mga ideolohiya. Naayon din ang mga ito sa kultura at kasaysayan ng bansa. Ang ideolohiya ay nahahati sa dalawang pangunahing kategorya - ang ideolohiyang pang- ekonomiya at ideolohiyang pampolitika.

Ang ideolohiyang pang- ekonomiya ay nakatuon sa mga patakarang pangkabuhayan ng bansa at paraan ng paghahati ng kayamanan nito sa mga mamamayan. Samantala, ang ideolohiyang pampolitika ay nakapokus sa paraan ng pamumuno at sa paraan ng pagpapatupad ng mamamayan. Nauugnay ang politikal na ideolohiya sa mga kilusan para sa panlipunang pagbabago. Hinihikayat nito ang mga tao na kumilos ayon sa ninanais nilang mga pagbabagong kaayusan. Para lubos na maunawaan at maintindihan ang araling ito, suriin ang sumusunod na mga teksto na inihanda para sa inyong mga gawain.

**III. Sanggunian**


Mula sa Aklat:

- *Asya: Pagkakaisa sa Gitna ng Pagkakaiba, Araling Panlipunan: Modyul para sa mga Mag – aaral, pahina 242 – 246.*

**IV. Gawain**

**Gawain 1: Word Web**

Sa pamamagitan ng sumusunod na *diagram*, isulat ang mga salitang nag-uugnay sa ideolohiya. Isulat ang iyong sagot sa iyong kuwaderno.




**Ang Kahulugan ng Ideolohiya**

Ang Ideolohiya ay isang sistema o lipunan ng mga ideya o kaisipan na naglalayong magpaliwanag tungkol sa daigdig at ang mga pagababago nito. Galing ito sa salitang ideya o kaisipan na tuwirang sinusunod ng mga tao.

Si Desttuff de Tracy ang nagpakilala ng salitang ideolohiya bilang pinaikling pangalan ng agham sa mga kaisipan o ideya.

**Gawain 2: TEKSTO SURI!**

**PANUTO.** Suriin at unawain ang Teksto sa iyong Learning Activity Sheet (LAS) para masagutan mo ng maayos ang itinakdang katanungan at gawain.

**Ibat ibang Ideolohiya na nabuo sa Asya**

- **Demokrasya** - kung saan nasa kamay ng tao ang kapangyarihan. Ang mga tao ay may pantay-pantay na karapatan at pribilehiyo sa ideolohiyang ito.
- **Sosyalismo –** ideolohiya tungkol sa katangian at kalagayan ng lipunan at pagpapahalaga sa pagkapantay-pantay, pagtutulungan at pag-unlad.
- **Komunismo –** ito ay lipunang walang uri (*classless society*)
- **Pasismo –** inuri ang ideolohiyang ito sa pamamagitan ng mga pagsubok ng estado na ipataw ang pagpipigil sa lahat ng aspeto ng buhay.

**Mga Piling Kaso ng mga Bansa sa Timog at Kanlurang Asya**

## Timog Asya

### India at Pakistan

- Sa Timog at Kanlurang Asya, higit na naging malaki ang impluwensiya ng demokrasya sa mga kilusang nasyonalista.
- Hinimok ni **Swarmi Dayanand Saraswati**, isang nasyonalista, ang muling pagbasa ng mga veda upang maging batayan ng pang araw-araw na pamumuhay ng mga Indian.
- Pinangunahan ni **Bal Gangadhar Tilak** ang tinatawag na militanteng nasyonalismo at nagsagawa ng marahas na kilos laban sa mga British dahil sa mabagal na pagkakaloob ng hinihingi nilang pagbabago.
- Samantala, may mga Indian naman na nagpamalas ng moderatong Nasyonalismo sa pamumuno ni **Mohandas Gandhi** at naging pinuno ng **All India National Congresss.**
- Noong 1935, nagbigay ang Great Britain sa India ng isang bagong konstitusyon na nagkakaloob ng isang **lehislatibong bikameral at pederal**, sanggunian ng mga estado at ng kapulungan.
- Tinanggihan ito ng mga Hindu at Muslim. Para sa mga Muslim, kung mga Hindu ang mas magkakaroon ng kontrol sa India, mapipinsala ang kanilang kultura at relihiyon.
- Upang mabigyang proteksiyon ang kanilang karapatan at kapakanan, itinatag ang **Muslim League** sa pangunguna ni **Muhammad Ali Jinnah** at nagbigay daan sa pagtatag ng bansang **Pakistan**.

### Sri Lanka at Maliit Na Estado sa Timog Asya

- Pinamumunuan ng Great Britain ang Sri Lanka at ang buong sub-kontinente ng India sa loob ng isa't kalahating dantaon (1796 - 1947).
- Noong 1919, itinatag nila ang **Ceylon National Congress** na unang partidong politikal.
- Pinamunuan ni **Don Stephen Senanayake**, ang itinuturing na "Ama ng Kasarinlang Sri Lanka,"ang pakikipaglaban para sa kasarinlan.
- Samantala sa **Nepal**, ang **1990 Nepalese Revolution** o **People's Movement** at nagsilbing inspirasyon nila ang EDSA rebolusyon ng Pilipinas.
- Ipinahayag ng **Nepalese Constituent Assembly** na lalansagin ang monarkiya sa 2008 pagkatapos ng eleksiyon sa asambleya ay idenaklara ang **Nepal** bilang isang **Federal Democratic Republic**.

## Kanlurang Asya

### Israel

- Itinatag ang kilusang Zionismo sa Basel, Switzerland noong 1897 ni Theodor Herzl (1860 - 1904), isang Austro-Hungarian.
- Naganap ang **Holocaust** noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig na isinagawa ni **Adolf Hitler** sa Nazi,Germany na kung saan milyon-milyong Hudyo ang pinatay.

- Inihayag ang malayang nasyon ng **Israel** sa Tel-Aviv noong Mayo 14, 1948. Tinawag itong Republika ng Israel at ang naging unang Punong Ministro ay si David Ben-Gurion.

**Iraq**

- Pagkaraan ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig, ang Iraq at Palestine ay naipasailalim sa pamamahala ng Great Britain.
- Dahil sa hindi maayos na pamumuno at kapabayaan ng mga Ottoman, sumiklab ang nasyonalistang pag-aalsa sa Baghdad at nahirapan ang mga hukbong British.
- Dahil dito, pumayag ang mga British na ipagkaloob ang kanilang kahilingan na kasarinlan at itatag ang kaharian ng Iraq sa pamumuno ni **Faisal** bilang hari noong Agosto 23,1921.
- Sa pagkamatay ni Haring Faisal noong 1933 ay nagpatuloy ang kaguluhan sa Iraq. Tinaguriang **"Republika ng Takot"** ang Iraq dahil ang pagbabago ng pamahalaan ay madalas nauuwi sa karahasan.

**Saudi Arabia**

- Dahil sa kalupitan at labis na paniningil ng buwis, naghangad ng kasarinlan ang mga Arab mula sa mga Turkong Muslim.
- Nagsanib ang puwersa nina Muhammad Ibn Saud, isang pinunong Arab at Muhammad Ibn Abd-Al-Wahhab, isang kleriko upang makapagtatag ng alyansang politikal.
- Noong Unang digmaang Pandaigdig, tumulong si **Haring Abdul Aziz** at ang mga nasyonalistang Arab sa mga British sa pakikipaglaban sa mga Ottoman Turk.
- Ang modernong kaharian ng Saudi Arabia ay likha ni **Haring Abdul Aziz Ibn Saud**.
- **Walang demokrasya sa bansa** at hindi tinatanggap ng absolutong monarkiya ng Saudi at kontrolado ang pamahalaan ng isang pamilya ng mga Saud.
- Ang **hari** ang gumagawa ng mga batas at kasunduan. Walang eleksiyon, walang partidong politikal, at walang lehislatura rito.

**Panuto: Pagkatapos ng Pagsusuri sa Teksto, sagutin ang sumusunod na tanong at patunayan sa isa hanggang tatlong pangungusap. Isulat ang mga sagot sa sagutang papel.**

1. Batay sa iyong pagsusuri, paano ang iba't ibang ideolohiya nakaapekto sa pagkakaroon ng malawakang kilusang nasyonalista?

________________________________________________________________________
________________________________________________________________________
________________________________________________________________________
_____________________________________________________.

2. Ayon sa sinuring teksto, alin sa mga ideolohiya ang higit na may kaugnayan sa pagkakaroon ng malawakang kilusang nasyonalista sa Timog at Kanlurang Asya?

________________________________________________________________________
________________________________________________________________________
_______________________________________________________.

**Gawain 3: SURI-IDEYA!**

**PANUTO: suriin ang mga ideya. Isulat sa ikalawang kolum kung ang sumusunod na mga pahayag ay nagsasaad TAMA at MALI naman kung hindi. Sa ikatlong kolum naman, isulat naman ang iyong PAGPAPALIWANAG. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.**

| PAHAYAG TUNGKOL SA IDEOLOHIYA | TAMA O MALI | PALIWANAG |
|---|---|---|
| 1. Ang ideolohiya ay lipon ng mga kaisipang pinaniniwalaan at pinanghahawakan ng maraming tao na kumikilos ayon sa mga ideya, simulain, prinsipyo, o paniniwala na napapaloob dito. | | |
| 2. Ang ideolohiyang pampolitika ay nakasentro sa paraan ng mamamayan. | | |
| 3. Ang ideolohiyang pang-ekonomiya ay nakasentro sa paraan ng mamamayan kung paano nila patatakbuhin ang isang bansa. | | |
| 4. Sinasabing paraan nang pamumuhay ang demokrasya at maaring ipahayag sa iba't-ibang anyo tulad ng aspektong politikal, pangkabuhayan, at panlipunan. | | |

**Gawain 4! Picture Collage**

**Sa kasalukuyang panahon, magsaliksik ng limang personalidad na taga-Timog at Kanlurang Asya na naging instrumento sa pagababago ng kanilang bansa. Humanap ng kanilang larawan at ng kanilang mga inilunsad na gawaing naging instrumento sa pagbabago. Ipakita ito sa pamamagitan ng isang PICTURE COLLAGE. Kinakailangang magpakita ito ng sumusunod. Gawing batayan ang RUBRIKS sa ibaba.**

**Rubriks sa paggawa ng Picture Collage.**

| Kraytirya | 5 | 4 | 3 |
|---|---|---|---|
| Nilalaman | Napakalawak ng impormasyong ibinigay | Malawak ang impormasyong ibinigay | Hindi tiyak ang mga impormasyong ibinigay |
| Kaayusan | Nakapalinis ng gawain | Malinis ang gawain | Hindi gaanong malinis ang gawain |
| Pagkamalikhain | Nagpapakita ng may kaalaman at pagkamalikhain | Nagpapakita ng limitadong kaalaman at pagkamalikhain | Nagpapakita ng malabo o kulang na impormasyon at pagkamalikhain |

**V. Repleksiyon:**

**PANUTO: Sagutan ang mga sumusunod na tanong at patunayan sa isa hanggang tatlong pangungusap.**

1. Batay sa iyong pagsusuri sa iba't ibang ideolohiya, ano ang nabuo mong ideolohiya sa buhay bilang isang mag-aaral?

______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
_____________________________________________.

2. Paano mo magagamit ang ideolohiyang demokrasya sa iyong mga gawain araw-araw ?

______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________.

## VI. Susi sa Pagwawasto:

**Gawain 2.**

Ang ideya ng mag-aaral ay iba-iba.

Ang ideya ng mag-aaral ay iba-iba.

**Gawain 3.SURI-IDEYA**

**Tama -** dahil ito ay lipon ng paniniwala hinggil sa mga pangangailangan na dapat tugunan ng isang tao o sambahayan.(maaring ibang ideya ang ipakita/isulat ng mag-aaral)

**Tama -** dahil hinihikayat nito ang mga tao na kumilos ayon sa ninanais nilang mga pagbabagong kaayusan. .(maaring ibang ideya ang ipakita/isulat ng mag-aaral)

**Mali -** dahil ang pang-ekonomiya ay nakapokus sa patakarang pangkabuhayan ng ating bansa at mamayan, at hindi sa pamamahala ng bansa. (maaring ibang ideya ang ipakita/isulat ng mag-aaral)

**Tama -** dahil ang karapatan ay nasa mamamayan at malaya ang bawat isa na ipahayag ang kanilang saloobin. (maaring ibang ideya ang ipakita/isulat ng mag-aaral

**Gawain 4. PICTURE COLLAGE**

**Ga**mitin ang ibinigay na **RUBRIKS** bilang gabay,

**Gawain 1. Mga mungkahing sagot! Maaring may ibang ideya ang mag-aaral.**

